

NASA BATAS ANG PAGBIBIGAY NG PATAS NA OPORTUNIDAD

Labag sa batas na mandiskrimina ang recipient na ito ng pederal na tulong-pinansyal batay sa mga sumusunod: laban sa sinumang indibidwal sa Estados Unidos, batay sa lahi, kulay, relihiyon, biyolohikal na kasarian (kabilang ang pagbubuntis, panganganak, at mga nauugnay na medikal na kundisyon, pagtatakda ng stereotype ayon sa biyolohikal na kasarian, status bilang transgender, at pagkakakilanlang pangkasarian), bansang pinagmulan (kabilang ang pagkakaroon ng limitadong kaalaman sa wikang Ingles), edad, kapansanan, o kaugnayan o paniniwalang pulitikal, o, laban sa sinumang benepisyaryo ng, aplikante sa, o kalahok sa mga programang nakakatanggap ng tulong-pinansyal alinsunod sa Title I ng Workforce Innovation and Opportunity Act (Batas sa Pagbabago at Oportunidad sa Lakas-paggawa o WIOA), batay sa status ng citizenship o paglahok ng indibidwal sa anumang programa o aktibidad na nakakatanggap ng tulong-pinansyal alinsunod sa Title I ng WIOA.

Dapat gumawa ng mga hakbang sa abot ng kanilang makakaya ang mga recipient ng pederal na tulong-pinansyal upang masigurong magkasingbisa ang mga pakikipag-ugnayan sa iba at ang mga pakikipag-ugnayan sa mga indibidwal na may mga kapansanan. Ang ibig sabihin nito, kapag hiniling, at nang walang babayaran ang indibidwal, kinakailangan ng mga recipient na magbigay ng mga naaangkop na karagdagang tulong at serbisyo sa mga kwalipikadong indibidwal na may mga kapansanan.

ANG DAPAT GAWIN KUNG SA TINGIN MO AY NAKARANAS KA NG DISKRIMINASYON

Kung sa tingin mo ay nakaranas ka ng diskriminasyon sa ilalim ng isang programa o aktibidad na nakakatanggap ng tulong-pinansyal alinsunod sa Title I ng WIOA, maaari kang maghain ng reklamo sa loob ng 180 araw mula sa petsa ng pangyayari sa Equal Opportunity Officer (Opisyal ng Patas na Oportunidad) ng recipient o sa taong itinalaga ng recipient. Maaaring ipadala ang mga reklamo sa Employment Development Department (Kagawaran sa Pagpapaunlad sa Pagtatrabaho) o sa Civil Rights Center (Center ng Mga Karapatang Sibil) ng Department of Labor sa:

**Equal Opportunity Officer
Employment Development Department (EDD)
PO Box 826880, MIC 83
Sacramento, CA 94280**

O kaya sa

**Director, Civil Rights Center (CRC), Department of Labor
200 Constitution Avenue NW, Room N-4123
Washington, DC 20210**

Maaari ding isumite ang mga reklamo sa EDD sa pamamagitan ng email sa EEOmail@edd.ca.gov, o ayon sa mga tagubiling nakasaad sa website ng CRC ng Department of Labor sa www.dol.gov/crc.

Kung ihahain mo ang iyong reklamo sa recipient, dapat kang maghintay hanggang mag-isyu ang recipient ng nakasulat na *Notice of Final Action* (Abiso ng Pinal na Pagkilos), o hanggang lumipas ang 90 araw o alinman ang mauna, bago maghain sa CRC (sumangguni sa nabanggit na address).

Kung hindi ka bibigyan ng recipient ng nakasulat na *Notice of Final Action* (Abiso ng Pinal na Pagkilos) sa loob ng 90 araw mula sa petsa kung kailan mo inihain ang iyong reklamo, hindi mo kailangang hintaying iisyu ng recipient ang abisong iyon bago maghain ng reklamo sa CRC. Gayunpaman, dapat mong ihain ang iyong reklamo sa CRC sa loob ng 30 araw mula sa petsa ng deadline ng 90 araw na palugit (sa madaling salita, sa loob ng 120 araw mula sa petsa kung kailan mo inihain ang iyong reklamo sa recipient).

Kung bigyan ka ng recipient ng nakasulat na *Notice of Final Action* (Abiso ng Pinal na Pagkilos) kaugnay ng iyong reklamo, ngunit hindi ka nasiyahan sa desisyon o resolusyon, maaari kang maghain ng reklamo sa CRC. Dapat mong ihain ang iyong reklamo sa CRC sa loob ng 30 araw mula sa petsa kung kailan mo natanggap ang *Notice of Final Action* (Abiso ng Pinal na Pagkilos).

Ang EDD ay isang employer/programa para sa patas na oportunidad. Makakakuha ng mga karagdagang tulong at serbisyo ang mga indibidwal na may mga kapansanan kapag humiling. Ang mga kahilingan para sa mga serbisyo, tulong, at/o alternatibong format ay kailangang ihain sa pamamagitan ng pagtawag sa 866-490-8879 (voice). Para sa mga user ng TTY, mangyaring tumawag sa California Relay Service sa 711.